United We Dream

**Hulyo 20, 2021**

## Gabay para sa mga Tumatanggap ng DACA at mga Ligal na Praktisyuner – Mga Madalas Itanong

Noong Hulyo 16, 2021, si Hukom Hanen ng Hukumang Pederal ng Texas ay naglathala ng kanyang opinyon kaugnay ng kasong DACA, Texas v. United States, kung saan hinamon ang pagiging ligal ng patakaran ng DACA. Sa opinyon ni Hukom Hanen, ang DACA ay isang patakarang hindi naaayon sa batas, subalit sa ngayon ay pinapayagan iyong may mga kasalukuyang umiiral na DACA na makapagpatuloy upang makapag-*renew*. Walang inisyal na kahilingan para sa DACA sa unang pagkakataon ang igagawad sa ngayon.

# Ano ang ibig sabihin nito kung sa kasalukuyan ay mayroon kayong DACA?

Kung sa kasalukuyan ay mayroong kayong DACA, ang inyong DACA at *work permit* (permit para sa trabaho) ay balido pa. Ang mga Unang Beses na Inisyal (*First-time Initial)* na kahilingan para sa DACA ay naigawad na, pati na rin ang mga *renewal*, ay patuloy na magiging balido sa ngayon. Magagamit pa rin ninyo ang inyong *social security number* at *work permit*; ang lahat ng iba pang mga bagay-bagay ay mananatiling nasa inyong kasalukuyang kalagayan. Huwag iantala ang inyong kalagayan. Kung ang inyong DACA ay malapit nang mawalan ng bisa, mag-*renew* na ngayon!

Hinihikayat ng USCIS na ang mga *renewal* ay maisumite sa pagitan ng 120 at 150 araw bago mawalan ng bisa ang inyong DACA. Gayunpaman, tatanggapin ng USCIS ang inyong mga *form* bago ang 150 araw subalit ang USCIS ay maaaring hindi makapagproseso ng mga iyon sa ngayon hangga't ang inyong kahilingan ay nakapaloob sa 150 araw bago mawalan ng bisa. Bagaman ang USCIS sa kasalukuyan ay hindi nagpoproseso ng mga pormal na kahilingang pabilisin mula sa mga humihiling ng DACA, ang alam namin ay maaari pa ring isaalang-alang ng USCIS ang mga pangyayari – tulad ng mga inilarawan sa USCIS' *expedite request webpage*— o pahina para sa kahilingang pabilisin ang proseso, kung saan winawarantiyahan ang mas mabilis na pagpoproseso. Kung gayon ay hinihikayat namin kayo na isama ang anumang impormasyon na maaaring makatulong sa USCIS sa pagpoproseso ng inyong *renewal* gamit ang isang nakalakip na sulat na isasama ninyo sa pagre-*renew* ng inyong DACA at sa pagsusumite ng inyong awtorisasyon sa pagka-empleyo.

# Ano ang ibig sabihin nito kung mayroon kayong unang beses na kahilingan para sa DACA na nasa kalagitnaan na ng pagpoproseso?

Kung mayroon kayong unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA na nakabinbin sa USCIS, ipinasiya ni Hukom Hanen na ang USCIS ay hindi na makakapaggawad pa ng DACA sa mga bagong hihiling ng DACA. Kung nagsumite kayo sa USCIS ng inyong unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA subalit HINDI pa ito napagbibigyan, ang alam namin ay sa mismong petsa ng publikasyong ito, hindi ito maigagawad hangga't magkaroon ng karagdagang kaukulang pabatid.

# Mga Tanong Tungkol sa Unang Beses na Inisyal na mga Kahilingan para sa DACA

1. Hindi pa ako nagkaroon kailanman ng DACA noon pa at nagsumite ng isang kahilingan bago ang desisyon ni Hanen. Nakumpleto ko ang aking *biometrics*; ano ang sunod na mangyayari?
    - Ipinagbabawal sa utos ni Hanen na ang USCIS ay maggawad ng anumang unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA sa ngayon. Sapagkat ang mga litigasyon ay nangyayari sa mga hukuman, pananatilihin namin na mapasasabihan kayo ng mga pinakahuling balita ukol dito.
2. Ang mga unang beses ba na kahilingan para sa DACA ay awtomatikong tatanggihan sa ngayon?
    - Maaari pa ring tumanggap ang USCIS ng mga unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA (ibig sabihin, hindi tatanggihan at ibabalik ng ISCIS ang inyong kahilingan) subalit hindi nito maigagawad ang mga kahilingan batay sa utos ni Hanen. Sa mismong petsa ng publikasyong ito, hindi namin nalalaman kung paano aasikasuhin ng USCIS ang mga naturang kahilingan subalit umaasa kami na magkakaroon ng mga karagdagang paglilinaw mula sa USCIS sa lalong madaling panahon.
3. Nagpaplano ako na sa lalong madaling panahon ay ipapadala ko na ang aking unang beses na kahilingan. Gagawin ko pa rin ba ito?

- Ipinagbabawal sa USCIS ayon sa utos ni Hanen ang paggagawad ng unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA sa panahong ito. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan bago kayo magsumite ng inyong kahilingan. Sapagkat ang mga litigasyon ay nangyayari sa mga hukuman, pananatilihin namin na mapasasabihan kayo ng mga pinakahuling balita ukol dito.

4. Ang takdang araw ko na makipagkita o *appointment* ay naka-iskedyul sa darating pang nalalapit na hinaharap. Pupunta pa ba ako sa aking naturang *appointment*?

    - Sinasabi sa mga ulat ng Media na ang USCIS ay nakapagsimula na sa pagkakansela ng mga takdang pakikipagkita o *appointment* para sa pagkuha ng *biometrics* ng mga humihiling ng DACA sa kauna-unahang pagkakataon. Gayunpaman, hangga’t hindi pa ninyo natatanggap ang inyong pabatid kaugnay ng kanselasyon ng pagkuha ng inyong *biometrics*, at sapagkat ang isang kahilingan para sa DACA ay maaaring tanggihan dahil sa hindi pagsipot sa isang nakatakdang araw o *appointment* para sa pagkuha ng *biometrics*, at bagaman sa desisyon ni Hanen ay ipinagbabawal ang paggagawad ng unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA, sa palagay namin ay hindi nito pinagbabawalan ang USCIS na tanggapin ang inyong *biometrics*. Isasapanahon namin ang naturang Gabay na ito kung mayroong mga bagong balita ukol dito.

5. Tumanggap ako ng isang RFE (*Request for Evidence* – Kahilingan para sa Ebidensiya) para sa aking unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA. Sasagutin ko pa rin ba iyon?

    - Ang isang kahilingan para sa DACA ay maaaring tanggihan dahil sa hindi napapanahong pagtugon sa isang isang Kahilingan para sa Ebidensiya (*Request for Evidence* - RFE). Bagaman ipinagbabawal sa desisyon ni Hanen ang paggagawad ng unang beses na inisyal na kahilingan para sa DACA, sa palagay namin ay hindi nito pinagbabawalan ang USCIS sa pagtanggap ng mga tugon ninyo sa RFE. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan bago kayo magsumite ng inyong kahilingan. Isasapanahon namin ang naturang Gabay na ito kung mayroong mga bagong balita ukol dito.

6. Sa ngayon ba ay nasa panganib ako na ma-deport?

  - Nilinaw ni President Biden at ng DHS na ang Dreamers ay hindi isang prayoridad para sa deportasyon. Kahit si Hukom Hanen ay nagsabi sa kanyang utos na ang naturang desisyong ito ng hukuman ay "hindi nag-aatas sa DHS o sa Departamento ng Katarungan na magsagawa ng anumang aksyong may kaugnayan sa imigrasyon, deportasyon o aksyong kriminal laban sa sinumang tumatanggap ng DACA, aplikante o sinumang iba pang indibidwal."
  - Sa kasalukuyan ay iniaatas sa ICE na sumunod sa *Enforcement and Removal Priorities* (Mga Prayoridad kaugnay ng Pagpapatupad at Pagtatangal) na inilathala noong Pebrero 18, 2021 kung saan itinatakda kung sino ang ituturing na isang prayoridad na matanggal. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan kung naniniwala kayo na nakapailalim kayo sa isang kategoriyang unang prayoridad para sa pagpapatupad at pagtatanggal.

# Mga *Renewal*

1. Nagpoproseso pa ba ng mga *renewal*?

  - Ang USCIS ay patuloy na tatanggap at magpoproseso ng mga renewal na kahilingan para sa DACA hanggang magkaroon ng isang utos mula sa hukuman na hindi na maaaring gawin ito.

2. Kailangan ba na maaga akong mag-*renew*?

  - Kung malapit nang mawalan ng bisa ang inyong DACA, hinihikayat namin kayo na mag-*renew* nito sa lalong madaling panahon. Kung iniisip ninyo na magre-renew kayo nang maaga. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan bago kayo magsumite ng inyong *renewal*.

3. Hanggang gaano katagal tatanggap ang USCIS ng mga isusumiteng kahilingan para sa renewal ng DACA?

- Ang USCIS ay patuloy na tatanggap at magpoproseso ng mga *renewal* na kahilingan para sa DACA hanggang magkaroon ng isang utos mula sa hukuman na hindi na maaaring gawin ito. Ini-anunsiyo ng Administrasyong Biden na aapela ito sa desisyon ni Hukom Hanen, at maaaring magkaroon ng iba pang litigasyon na maaaring maka-apekto sa pagsasapanahon. Kaya, ang naturang pagsasapanahon ay hindi pa nalalaman subalit isasapanahon namin ang naturang Gabay na ito kung mayroong mga bagong balita ukol dito

4. Nawalan na ng bisa ang aking DACA nang higit pa sa isang taon, at isinumite ko ang aking kahilingan para sa DACA bilang isang inisyal na kahilingan. Ano ang ibig sabihin nito para sa akin?

    - Batay sa utos ni Hanen, ang USCIS ay kailangang magproseso ng isang kahilingan para sa *renewal* mula sa sinuman na sa kasalukuyan o sa nakaraan ay mga tumatanggap na ng DACA. Totoo ito kahit pa wala na kayong pinanghahawakang DACA sa loob nang higit pa sa isang taon at kinailangang magpatala para sa *renewal* bilang isang inisyal na kahilingan. Isasapanahon namin ang Gabay na ito at ibabahagi ang anumang bagong impormasyon mula sa USCIS o sa mga hukuman.

5. Isinumite ko sa tamang panahon ang aking kahilingan para sa *renewal* ng DACA subalit nakabinbin pa rin ito. Gayunpaman, ang dati kong DACA ay nawalan na ng bisa dahil sa mga pagka-antala sa pagpoproseso. Ang nakabinbin ko bang kahilingan para sa DACA ay balido pa rin at ito ba, kasama ng awtorisasyon ng kahilingan ko na makapagtrabaho, ay ipoproseso?

    - Batay sa utos ni Hanen, kailangang iproseso ng USCIS ang isang kahilingan para sa *renewal* mula sa isang tumatanggap ng DACA, kahit pa ang inyong DACA ay nawalan na ng bisa. Totoo ito kahit pa wala na kayong pinanghahawakang DACA sa loob nang higit pa sa isang taon at kinailangang magpatala para sa *renewal* bilang isang inisyal na kahilingan. Isasapanahon namin ang Gabay na ito at ibabahagi ang anumang bagong impormasyon mula sa USCIS o sa mga hukuman..

## ***Advance Parole***

1. Ang *advance parole* ba ay bukas para sa mga tumatanggap ng DACA ngayon mismo?
    - Ayon sa pahayag na ito ng USCIS , ang ahensiya ay patuloy na magpoproseso at magggawad ng *advance parole* sa mga kasalukuyang tumatanggap ng DACA. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan bago kayo magpatala para sa *advance parole* at bago bumiyahe sa labas ng U.S.
2. Naaprubahan na ang aking *advance parole*, paano ako maaapektuhan ng desisyon ni Hanen?
    - Sa palagay namin ay pinapayagan sa desisyon ni Hanen na ang USCIS ay magpatuloy sa pagpoproseso ng mga kahilingan para sa *advance parole* ng mga tumatanggap ng DACA. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan bago kayo magpatala para sa *advance parole* at bago bumiyahe sa labas ng U.S.
3. Nakabinbin pa ang aking kahilingan para sa *advance parole*. Ipoproseso pa ba ito ng USCIS?
    - Sa palagay namin ay pinapayagan sa utos ni Hanen na ang USCIS ay magpatuloy sa pagpoproseso ng *advance parole* para sa mga tumatanggap ng DACA. Inirerekomenda namin na sumangguni kayo sa isang abogadong mahusay sa mga may kaugnayan sa imigrasyon o sa mga kinauukulang kinatawan bago kayo magpatala para sa *advance parole* at bago bumiyahe sa labas ng U.S.
4. Mayroon akong DACA at sa kasalukuyan ay nasa labas ako ng Estados Unidos at mayroong *advance parole*. Makakabalik pa ba ako sa U.S. gamit ang aking *advance parole* sa ilalim ng DACA?
    - Sa palagay namin ay pinapayagan sa utos ni Hanen na ang USCIS ay magpatuloy sa pagpoproseso ng *advance parole* para sa mga tumatanggap ng DACA, pati na rin ang mga para sa *Customs and Border Protection* (CBP) upang kilalanin ang iginawad na *advance parole* para sa mga tumatanggap ng DACA sa pamamagitan ng USCIS.

# Mga Kasunod na Hakbang

1. Sino ang maaaring umapela sa desisyon ni Hukom Hanen?

    - Sinumang partido ay maaaring umapela sa desisyon. Ang isang apela ay pupunta sa *Fifth Circuit Court of Appeals*. Hindi pa natin nalalaman kung gaano katagal ang kakailanganin upang magkaroon ng isang bagong desisyon o utos. Pagkatapos ng isang desisyon mula sa *Fifth Circuit Court of Appeals*, sinumang partido ay maaaring umapela pa sa Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos (*Supreme Court of the United States*).

2. Narinig ko na ang pagpoproseso ng mga kahilingan para sa DACA ay masyadong nagtatagal. Ano ang kalagayan sa ngayon?

    - Tinukoy sa mga ulat ng Media na ang USCIS ay nakapagtalaga na nang mas maraming tauhan upang magproseso ng mga isinumiteng DACA at umaasa kami na ang pagdami sa bilang ng mga tauhan ay makakatulong sa pagbabawas sa kasalukuyang mga napag-iwanan. Maaari ninyong tingnan ang kalagayan ng sa inyo dito.

3. Ako ba ay nasa panganib na me-deport kung ang kahilingan ko para sa DACA ay hindi maigagawad?

    - Nilinaw ni Presidente Biden at ng DHS na ang *Dreamers* ay hindi isang prayoridad para sa deportasyon. Kahit si Hukom Hanen ay nagsabi sa kanyang utos na ang naturang desisyong ito ng hukuman ay “hindi nag-aatas sa DHS o sa Departamento ng Katarungan na magsagawa ng anumang aksyong may kaugnayan sa imigrasyon, deportasyon o aksyong kriminal laban sa sinumang tumatanggap ng DACA, aplikante o sinumang iba pang indibidwal.”

    - Sa kasalukuyan ay iniaatas sa ICE na sumunod sa *Enforcement and Removal Priorities* (Mga Prayoridad kaugnay ng Pagpapatupad at Pagtatangal) na inilathala noong Pebrero 18, 2021 kung saan itinakda kung sino ang ituturing na isang prayoridad na matanggal.

    - Kung mayroong kayong DACA sa ngayon, ang pinakamabisang proteksyon laban sa deportasyon ay ang tiyakin na hindi kayo mawawalan ng proteksyong ito. Kung ang inyong DACA ay malapit nang mawalan ng bisa, mag-*renew* na ngayon!

## Ano ang magagawa natin sa ngayon?

Mahalaga na ang Kongreso ay magpasa ng isang lehislasyon na magbibigay ng mga permanenteng solusyon para sa mga hindi dokumentadong kabataan mayroon man o walang DACA, mga may hawak na TPS, mga manggagawa sa bukid, mga kailangang-kailangang manggagawa at mga miyembro ng ating pamilya, at sang-ayon dito si Presidente Biden. Kung kayo ay isang tumatanggap ng DACA, kailangang malaman ninyo na kayo ay nasa U.S. nang naaayon sa batas at mayroon kayong mga karapatan. Makipag-ugnayan sa mga kaibigan ninyo sa DACA ngayon.

## Umaksyon

Alam na natin simula pa sa simula na ang DACA ay hindi sapat. Ang desisyon ni Hanen ay isang paalala na kailangan ng ating komunidad ang mga permanenteng proteksyon. Ngayon mismo, ang mga Democrat sa Senado ay nakapagpasok na ng isang resolusyon para sa badyet kung saan kasama ang isang pamamaraan upang maging isang mamamayan para sa milyun-milyong mga tao na hindi dokumentado. Ang mga Democrat sa Kongreso ay kailangang magtiyak na ang isang pamamaraan patungo sa pagiging isang mamamayan ay mananatiling nasa sistema para sa pagkakasundo bago magpahinga (*recess*) sa Agosto. **Mag-text ng "PATHWAY" sa 877-877 upang hingin sa Kongreso na makapaghatid ng pagkamamamayan para sa milyun-milyong mga hindi dokumentadong tao NGAYON!**